



CITY OF STOCKTON

PATAKARAN NG PAG-DISKONEKTA O PAGTANGGAL NG SERBISYO SA TUBIG SA KADAHILANAN NG HINDI PAGBABAYAD

Para sa mga layunin ng patakarang ito, ang mga sumusunod na kahulugan ay nalalapat:

- Lungsod: Lungsod ng Stockton
- Mga Oras ng negosyo: Lunes – Huwebes at bukas na araw ng ibang mga Biyernes, 9:00 am – 5:00 pm, Pangalawang bukas sa Biyernes, 9:00 am – 12 ng Tanghali (209) 937-8295
- Contact #: (209) 937-8295
- Website: www.stocktonca.gov/LateUtilityBill
- Delinkwente: Ang hindi pagbabayad ng customer ng wastong mga bayarin o singil sa takdang araw ng pagbabayad.
- Pagtatanggal:o Diskoneksyon Sadyang pagputol o paglimita sa serbisyo ng tubig ng Lungsod.
- Paunawa: Isang nakasulat na abiso sa koreo o ihahatid sa anumang mga customer na may hindi nabayaranang serbisyo.

Ito ay ang mga patakaran ng Lungsod ng Stockton upang mangolekta ng lahat ng kabuuang halaga mula sa anumang mga bayarin para sa Lungsod na nakasaad sa Stockton Municipal Code.

13.04.050 Pagtatanggal.

Kapag ang account ay delinkwente, ang Lungsod ay maaaring idiskonekta ang serbisyo hanggang ang bayarin at iba pang mga gastosin kabilang ang pagtatanggal at reconnection ay nabayaran. Walang naturang residencia o establisyemento ay dapat tumanggap ng mga serbisyo ng tubig hanggang ang lahat ng mga delinkwenteng mga bayarin ay maayos. (Dating code § 9-702)

Isa rin sa mga patakaran ng Lungsod na mag-alok ng tulong sa mga customer ng tubig upang maiwasan ang natigil na serbisyo, karagdangang parusa, at iba pang singil ng koleksyon.

BACKGROUND:

Kapag ang isang account ng serbisyo ng tubig ay nagiging delinkwente o pabaya sa loob ng 60 araw o higit pa, dahil sa mga di-pagbabayad kahit na ang customer ay nakontak na sa pamamagitan ng telepono o di kaya napadalhan na ng sulat sa koreo, ang serbisyo ng tubig sa kinatitirahan ay maaaring ma-disconekta (shut-off).

Mga customer ay maaaring makipag-ugnayan sa isang kinatawan ng Lungsod ng Utility Customer Service sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono **209-937-8295**, o sa personal sa tanggapan ng Utility Billing Service **bago** pa ang diskoneksyon, at humiling ng impormasyon sa kung paano umapela sa isang bayarin sa serbisyo ng tubig..

Mga posibleng opsiyon upang maiwasan ang diskoneksyon ay ang mga sumusunod na kinabibilangan ng: Pagbabayad ng pinakamababang (minimum) halaga, ang paghingi ng extension ng oras upang bayaran ang minimum o buong balanse o pagpasok sa isang pang-matagalang kasunduan sa pagbabayad.

Mga PAGPIILIAN:

Nagbabayad lamang ng minimum na halaga:

Kapag ang isang account ay 60 araw na hindi nabayaran, ang balanse ay isasama ng halaga ng dalawang buwang serbisyo. Ang mga customer ay maaaring makaiwas sa diskoneksyon sa pamamagitan ng pagbabayad sa halaga na nakasaad sa pinakalumang utang sa account o katumbas ng isang buwan ng serbisyo.

Extension ng oras upang bayaran ang minimum o buong balanse:

Ang mga customer sa serbisyong tubig ay kwalipikado para sa "isang araw" na palugit upang bayaran ang minimum o buong balanse, isang beses sa bawat 3 buwan.

Ang pagpasok sa isang kasunduan sa pagbabayad:

Ang mga customer ay maaaring maging kwalipikado para sa isang kasunduan sa pagbabayad sa pamamagitan ng paunang pagbabayad ng isang porsyento at sumasang-ayon na magbayad ng isang nakapirming buwanang halaga at karagdagan sa mga kasalukuyang bill batay sa balanseng inutang sa oras ng kahilingan. Ang haba ng isang pang-matagalang plano ng pagbabayad ay maaaring mag-iba mula sa 6 na buwan hanggang 18 na buwan. Ang pang-matagalang kasunduan sa pagbabayad ay dinisenyo upang matulungan ang mga customer na makabayad sa mga delinkwenteng balanse at upang maging kasalukuyan ang pagbabayad sa serbisyo hanggang sa termino ng kasunduan.

Apela sa isang bayarin:

Ang isang customer ay maaari nyang itanong ang kawastuhan ng kanilang mga bayarin sa tubig kung ang mga patakaran, mga pamamaraan, o sa mga patakaran at regulasyon ng Lungsod ng Stockton ay hindi nasusunod sa tama, at maaaring magsumite ng isang apela sa pamamagitan ng pagsulat sa opisina ng Utility sa Pagsingil (Utility Billing).

Sa bawat paunawa sa pagsingil::

Ang isang pinagtatalunang bayarin ay dapat na inilalapit sa Lungsod ng Stockton Utility Billing Office sa loob ng limang (5) araw ng pagtanggap ng bayarin. Kapag makikipag-ugnayan sa mga taga opisina ng Utility sa Pagsingil, mangyaring maging handa upang ibigay ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono, numero ng account at ang isang maikling paliwanag ng inyong reklamo. Ang lahat ng mga hindi mapag-kasunduang mga singil ay kailangan patuloy na mabayaran habang ang mga reklamo sa kabayaran ay pinoproseso. Kung ang pagtatalo sa kabayaran ay tinanggihan, ang lahat ng hindi nabayaran ay kailangan mabayaran agad-agad..

Ang patakaran na ito ay magagamit din sa espanyol, Tagalog, Chinese, Vietnamese at Korean sa Lungsod ng Stockton website: www.stocktonca.gov/LateUtilityBill